AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

**Aralin 39**

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

**Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 39**

Theme: Ang Adventures ni Captain Kalikasan - "Kalikasan Squad Unite!"

Content Creator: April Grace M. Garcia

**Kalikasan Squad Unite!**

**WRITING PROMPT LESSON 39**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa nakaraan, ating nakilala at nakausap ang mortal na kaaway ng mga tagapagligtas ng kalikasan, si Global Warming Monster. Sa araw na ito, makikilala natin ang iba pang tagapagligtas ng kalikasan, handa ka na bang makilala sila?

**II.Writing Prompt of the Day**

Matapos ang araw na nakilala mo si Global Warming Monster. Agad mong pinaalam sa iyong partner ang nangyari. Dahil doon, tinawagan ka ng iyong partner, ayon sa kanya; may mga taong dapat kang makilala. Pagdating mo doon, laking gulat mo nang makita mo ang tatlong taong kilala mo at iniidolo mo rin. Ayon sa iyong partner, sila ang ilan pa sa ibang mga tagapagligtas ng kalikasan sa Pilipinas. Misyon niyong matalo ang kalaban habang siya'y nasa Pilipinas pa. Ipakilala ang iyong Kalikasan Squad gamit ang mga susunod na katanungan.

•Sino-sino ang tatlo niyo pang makakasama? (Maaari silang mga paborito mong artista o singer, kaibigan, o kapamilya)
•Ano-ano ang mga superhero name nila?
•Ano ang kapangyarihan nila o mga gamit nilang sandata panglaban?
•Anong nararamdaman mong hindi ka na nag-iisa sa iyong laban para sa kalikasan?

**III.Teacher's Message**
Ikwento ang tungkol sa inyong Kalikasan Squad! Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."